DATA ALERT

November 2023

Tumitinding krisis, tumitinding karahasan: Ang kalagayan ng kababaihang Pilipino

Sa kabila ng mga batas, executive orders, at resolutions na layuning protektahan ang mga kababaihan at tugunan ang karahasan sa kababaihan o *Violence Against Women (VAW),* nananatili pa ring mataas ang kaso ng pang-aabuso sa kababaihan.

Kasalukuyang kalagayan

Sa tala ng PNP Crime Incident Reporting and Analysis System (PNP-CIRAS), mayroong 2,949 na kaso ng karahasan sa kababaihan o *Violence Against Women (VAW)* simula Enero hanggang Marso ng kasalukuyang taon. Ibig sabihin, may 33[1] kababaihang biktima ng karahasan kada araw sa unang kwarto ng 2023. (Table 1)

Table 1. Number of Cases on Violence Against Women (January-March 2023)

Forms of VAW	Number of Cases	Number of Cases per day
Domestic Violence (RA 9262 - Anti-Violence Against Women and their Children)	1,789	20
Rape (RA 8353 - Anti-Rape Law)	504	6
Acts of Lasciviousness (RA 336)	394	4
Others (RPC Art. 275, RPC Art. 334, RPC Art 343, RPC Art 256, RPC Art 338, RA 7877, RA 7277, RA 9995, RA 8042)	126	1
Gender-Based Sexual Harassment (RA 11313 - Safe Spaces Act)	113	1
Human Trafficking (RA 9208 - Anti-Trafficking in Persons Act)	23	N/A
Total	2,949	32

Source: PNP Crime Incident Reporting and Analysis System (PNP-CIRAS)

Lalong nakababahala na sa parehong kwarto ng taon, 76% ng mga biktima ng rape o panggagahasa ay mga bata. Batay sa tala ng PNP-CIRAS, sa kabuuan, 2,114 ang kaso ng paglabag sa RA 8353 o Anti-Rape Law, kung saan 1,610 dito ay *child rape.*

Mula Enero 1 hanggang Hulyo 2, 2023, nakapagtala naman ang *Women and Child Protection Units (WCPU)*[2] ng mga pampublikong ospital ng 1,809 na kaso ng pang-aabuso na nangailangan ng medikal na atensyon. Kalakhan dito ay mga kaso ng pisikal na pang-aabuso. (Table 2)

[1] Kasama sa bilang na ito ang mga kaso ng *human trafficking*
[2] Ang WCPU ay itinayo sa ilalim ng Women and Children Protection Program (WCPP) ng Department of Health (DOH) na nakatuon sa *primary prevention* at pagtugon sa mga kaso ng VAW.

DATA ALERT

November 2023

Table 2. Number of Cases on Violence Against Women per Type of Abuse (January 1-July 2, 2023)	
Type of Abuse	**Number of Cases**
Physical abuse/assault	746
Sexual abuse/assault	647
Emotional/Psychological abuse	294
Others	122
Total	1,809
Source: Child Protection Network Foundation, Women and Child Protection Units of DOH Hospitals	

Karahasan sa kababaihan sa nakalipas na limang taon

Sunod-sunod din na naitala ang bansa ng lagpas sampung libong mga kaso ng VAW mula 2018 hanggang 2022. Umabot sa 21,048 ang mga kaso ng VAW noong 2018, o katumbas sa 58 na kababaihang nakaranas ng pang-aabuso kada araw. Nakapagtala naman ng 20,876 na kaso ng VAW noong 2019, o katumbas sa 57 na kababaihang naging biktima ng karahasan kada araw. (Table 3)

Table 3. Number of Cases on Violence Against Women from 2018-2022					
Forms of VAW	**2018**	**2019**	**2020**	**2021**	**2022**
Acts of Lasciviousness (RA 336)	1,978	2,045	1,550	1,509	1,612
Domestic Violence (RA 9262 - Anti-Violence Against Women and their Children)	16,089	15,712	11,184	8,430	7,284
Human Trafficking (RA 9208 - Anti-Trafficking in Persons Act)	63	42	52	51	No data
Rape (RA 8353 - Anti-Rape Law)	2,500	2,625	2,117	2,056	8,485
Gender-Based Sexual Harassment (RA 11313 - Safe Spaces Act)	N/A	19	66	155	389
Others	418	433	339	342	No data
Total	21,048	20,876	15,308	12,543	17,770
Number of victims per day	58	57	42	34	N/A
Source: Philippine Statistics Authority (PSA), PNP Crime Incident Reporting and Analysis System (PNP-CIRAS)					

Kapansin-pansin ang pagbaba ng mga naulat na kaso ng VAW noong 2020 at 2021 sa panahon ng *pandemic lockdown*, kumpara sa bilang ng kasong naitala noong 2018 at 2019. Mayroong 15,828 na kaso ng VAW noong 2020 at 12,543 na kaso noong 2021. Katumbas ito ng 42 na biktima kada araw noong 2020, at 34 na biktima kada araw noong 2021. (Table 3)

DATA ALERT

November 2023

Bagama't may pagbaba sa bilang, hindi ito nangangahulugang tunay na nabawasan ang mga kaso ng pang-aabuso sa kababaihan. Bunsod ng lockdown restrictions na ipinatupad noong kasagsagan ng pandemya, naging limitado ang mga mekanismo para sa pag-uulat. Posibleng lalo pang tumaas ang mga kaso ng pang-aabuso sa panahong limitado ang mobilidad at nakulong ang mga biktima sa bahay kasama ang kanilang mga abuser[3] [4].

Nananatili ring malaganap ang victim-blaming at culture of silence[5], o ang paniniwalang walang maidudulot na pagbabago ang pagsasalita o pagsusumbong ng mga insidente sa kinauukulan. Bunga ng patong-patong na problema, bitbit ng mga biktima ang takot na magsumbong sa mga awtoridad na siyang nagreresulta sa underreporting ng mga kaso ng VAW sa bansa.

Noong 2022, nakapagtala naman ang bansa ng 17,770 na kaso ng VAW. Sa bilang na ito, nakababahala ang pagsirit ng bilang ng kaso ng rape o panghahalay na umabot sa 8,485, o 313% na mas mataas mula sa mga naitalang kaso noong 2021, na nakapagtala ng 2,056. Nangangahulugan ito na noong 2022, 1 babae ang biktima ng rape kada oras.

Sa monitoring ng CWR noong Hulyo 2023, patuloy ang mga *state-perpetrated VAW* o mga kaso ng karahasan sa kababaihan na *perpetrated* o ginawa ng mga nasa awtoridad gaya ng mga pulis o militar. Noong Abril 23, isang 10 taong gulang na babae ang naging biktima ng panghahalay ng isang miyembro ng Citizen Armed Force Geographical Unit o CAFGU sa Davao City, habang isang 19 taong gulang na babae ang naging biktima ng *gang rape* ng limang pulis sa Cebu noong Mayo 23. Pinakahuli ang kaso ng dating Grand Ph contestant na si Catherine Camilon na naulat na nawawala o missing ng kanyang pamilya noong Oktubre at ang itinuturong salarin ay ang karelasyong pulis.

Trafficking at prostitusyon

Sa ulat ng US Department of State, mayroong 1,802 na kaso ng human trafficking sa bansa noong 2022, kung saan 1,251 sa mga biktima ay kababaihan[6]. Maliit ang bilang na ito lalo pa't kapos sa sistematikong mekanismo ang gobyerno upang maitala ang mga kaso ng nasabing krimen.

Nakababahala rin ang kabi-kabilang ulat ng pagsagip sa mga biktima ng human trafficking ngayong taon. Mahigit 1,000 sa Mabalacat, Pampanga noong Mayo ang nasagip mula Southeast Asia katulad ng Myanmar, Laos at Cambodia na pinangakuan ng trabaho bilang call center agent pero sa halip ay sapilitang nagtrabaho sa mga scam centers[7].

Samantala, ayon sa Bureau of Immigration (BI), mayroong mahigit 6,000 ang maaaring biktima ng human trafficking, illegal recruitment, o misrepresentation noong Enero hanggang Pebrero 2023. Sa ulat din ng Regional Inter-Agency Council Against Trafficking (RIACAT), nakapagtala ang Cagayan Valley ng 153 na kaso ng prostitusyon, kung saan ang pinakabatang biktima ay 13 taong gulang na babae[8].

Krisis sa ekonomiya at kapos na tugon ng pamahalaan

Pangunahing dahilan ng libo-libong kaso ng karahasan at pang-aabuso sa kababaihan ang tumitinding krisis sa ekonomiya. Pinaka-bulnerable dito ang mga kababaihang anakpawis na kadalasang matatagpuan sa sektor ng serbisyo, impormal na sektor, mga trabahong *low-skilled*, kontraktwal, at may mababang sahod.

Lalong bulnerable sa karahasan ang mga kababaihang walang trabaho at walang tiyak na kabuhayan. Batay sa pinakahuling Labor Force Survey ng Philippine Statistics Authority (PSA) noong Setyembre 2023, tinatayang nasa 1.07 milyong kababaihang Pilipino ang walang trabaho, 1.93 milyon ang underemployed, habang 18.10 milyong kababaihan naman ang hindi binibilang sa lakas paggawa.

[3] During coronavirus lockdown: Abused women, children more vulnerable (rappler.com)
[4] 'Fewer violence vs. women cases, but more unreported' - Manila Standard
[5] Ending the 'culture of silence' in PH's fight vs violence against women (mb.com.ph)
[6] Philippines - United States Department of State
[7] More Than 1,000 Trafficking Victims Rescued, Philippines Authorities Say (voanews.com)
[8] PIA - Prostitution tops human trafficking cases in CagVal

DATA ALERT

November 2023

Kulang na kulang din ang pagtugon ng gobyerno sa mga kaso ng pang-aabuso. Hindi lahat ng barangay sa bansa ay may gumaganang VAW Desk na siya sanang magsisilbing frontline service provider sa mga biktima ng karahasan. Sa pinakahuling datos ng Philippine Commission on Women (PCW) noong 2019, 37,686 sa 42,045 na barangay lamang sa bansa ang may sariling VAW Desk[9].

Bukod sa problemang ito, kulang din ang kasanayan ng VAW Desks na tumugon sa mga biktima. Batay sa ulat ng National Economic and Development Authority (NEDA) noong 2019, 4,293 (16,88%) lamang sa 25,435 na barangay VAW Desks na sinuri noong 2018 ang *"ideal"*, 12,878 (50.62%) ang *"mature"*, 6,583 (25.92%) ang *"progressive"*, habang 1,673 ang *"basic"*[10].

Dagdag pa rito, iilang biktima lamang din ang nabibigyan ng karampatang serbisyo ng Department of Social Welfare and Development (DSWD). Sa datos ng Philippine Statistics Authority (PSA), sa 11,307 na kaso noong 2022, 592 o 5.24% lamang ang nabigyang serbisyo ng naturang ahensiya.

Atake ng estado

Kasabay nito ang pagtindi ng atake ng estado sa mga kababaihang nagtataguyod ng kanilang karapatan. Noong Setyembre 2, 2023, dinukot ng mga militar sina Jhed Tamano, 22 at Jonila Castro, 21, mga kabataang kababaihang *community organizers* na lumalaban sa mapanirang reklamasyon sa Manila Bay.

Sa pinakahuling tala ng KARAPATAN mula Hulyo 2022 hanggang Hunyo 2023, walong kababaihan ang biktima ng *extrajudicial killings*, 157 ang babaeng detenidong pulitikal, at may tatlong kaso ng *enforced disappearance*[11]. Hanggang ngayon ay pinaghahanap pa rin ang *desaparecidos* na sina Loi Magbanua, *labor organizer* at *women's and LGBT rights advocate* at sina Cha Pampoza at Elgene Mungcal, mga labor and peasant organizers at human rights defenders na dinukot sa Tarlac noong 2022.

Idineklara noong Disyembre 17, 1999 ng United Nations General Assembly ang Nobyembre 25 bilang *International Day for the Elimination of Violence Against Women (IDEVAW)* bilang pagkilala at paggunita sa magkakapatid na Patria Mercedes, Maria Argentina Minerva, at Antonia Maria Teresa, o mas kilala bilang **Mirabal Sisters**, na nagsilbing mukha ng pagtutol at paglaban sa diktadurya ni Rafael Trujillo sa Dominican Republic.

Pinatay ang magkakapatid noong Nobyembre 25, 1960 sa utos ni Trujillo.

Nagpapatuloy na paglaban

Tuwing Nobyembre 25, ginugunita ang International Day for the Elimination of Violence Against Women (IDEVAW) kasabay nito ang pagsisimula ng 16 Days of Activism Against Gender-based Violence na magtatapos sa Disyembre 10, ang International Human Rights Day. Mahalagang gunitain ang makasaysayang araw na ito sa diwa ng matapang na paglaban ng magkakapatid na Mirabal sa mapaniil na estado ni Trujillo sa Dominican Republic noong 1960.

Sa panahong lalong umiigting ang krisis at karahasan laban sa kababaihan, patuloy ang komitment ng kababaihan at mamamayan sa paglaban sa anumang porma ng pang-aabuso sa kababaihan, sa pagsusulong ng karapatan, at pagkamit ng mas ligtas at maunlad na lipunan.

[9] Barangay VAW Desk - Philippine Commission on Women (pcw.gov.ph)
[10] Making Violence Against Women (VAW) Desks functional - SDGs - Philippines (neda.gov.ph)
[11] Karapatan_Monitor_Q2_2023_v3.pdf